**PRESIDENTIAL COMMUNICATIONS OPERATIONS OFFICE**
**News and Information Bureau**

**PUBLIC BRIEFING #LagingHandaPH**
**HOSTED BY PCOO UNDERSECRETARY ROCKY IGNACIO**
**MAY 30, 2022 (11:04 A.M. – 12:00 P.M.)**

**USEC. IGNACIO:** Magandang umaga, Pilipinas. Ngayong Lunes, a-trenta ng Mayo, atin pong tatalakayin ang pinag-uusapang expansion ng face-to-face classes sa mga paaralan at kung ano kaya ang bagong projection ng OCTA Research patungkol sa COVID-19 cases sa ating bansa. Pag-uusapan din natin ang transition na magaganap po para sa mga newly elected and appointed government officials, at ang update sa bagong batas patungkol sa night shift differential pay para po sa ating mga government employees.

Ako po si Usec. Rocky, at ito ang Public Briefing #LagingHandaPH.

Mas maayos na Pilipinas, ito ang iiwan ng Duterte administration sa susunod na administrasyon. Ipinahayag ito ni Executive Secretary Salvador Medialdea kasabay po ng paglalatag ngayong araw ng mga legasiyang nakamit ni Pangulong Rodrigo Duterte sa loob ng anim na taon. Ang update niyan, alamin natin mula kay Mela Lesmoras. Mela?

[NEWS REPORT]

**USEC. IGNACIO:** Maraming salamat sa iyo, Mela Lesmoras.

Sa ating patuloy na paglaban pa rin kontra COVID-19 at sa ating patuloy na pag-monitor sa sakit na monkeypox, alamin natin ang update at proteksyon patungkol diyan ng OCTA Research. At kaugnay niyan ay makakasama po natin si Dr. Guido David ng OCTA Research. Magandang umaga po, Professor David.

**DR. GUIDO DAVID:** Good morning, Usec.

**USEC. IGNACIO:** Professor, dito po sa NCR ay tumaas ang reproduction number pero nananatili pa ring under low-risk classification ang NCR. So, maaari ninyo po bang ipaliwanag ang dahilan na ito, Professor?

**DR. GUIDO DAVID:** Yes, tama iyan, Usec. Rocky. Iyong reproduction number ay tumaas na to 1.08 sa Metro Manila. Ang ibig sabihin niyan ay may konting pagtaas na ang bilang ng kaso sa Metro Manila, may uptick tayo. Iyong seven-day average natin this week, from May 23 to 29, is 74. Mas mataas siya nang konti noong May 16 to 22 na 72 cases per day. So konting-konti lang ang tinaas pero iyong pagtaas na iyan ay enough na para tumaas iyong reproduction number to 1.08.

Iyong positivity rate, tumaas din, from 1.2% to 1.4%. Pero alalahanin, Usec., na basta iyong positivity rate ay less than five percent, nandoon siya sa approved ng WHO, ibig sabihin ay low-risk pa rin tayo. Tapos iyong healthcare utilization natin sa Metro Manila, although tumaas nang bahagyang-bahagya ay nasa 23%, mababa pa rin ito.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Pero ano po iyong nakita ninyong dahilan bakit bahagya po tayong nagkaroon ng pagtaas, Professor?

**DR. GUIDO DAVID:** Yes, Usec., usually mahirap ma-determine iyong talagang specific factors. Pero it's possible na iyong mobility and iyong possibly waning immunity, and then iyong isang main factor diyan sa tingin natin ay iyong panibagong mga subvariants na na-detect na sa bansa natin – iyong Omicron BA.4 at iyong Omicron BA.2.12.1.

Iyong 2.12.1, nagku-cause siya ng pagdami ng kaso ngayon sa US. In fact, malapit na siyang maging dominant variant, subvariant doon. At iyong Omicron BA.4 ay nakita naman sa South Africa, actually na-detect na rin siya sa US and in other countries. So isa iyan sa mga possible factors kung bakit may uptick na tayo sa Pilipinas.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Isunod ko na po itong tanong ng ating kasamahan sa media. Tanong po ni Lei Alviz ng GMA News: Ano po ang COVID situation ngayon sa bansa base sa pagsusuri ng OCTA Research? Saang areas may increase?

**DR. GUIDO DAVID:** Yes, Usec., it's still at low-risk ngayon pero hindi consistent iyong mga areas na nagkakaroon ng upticks. As of yesterday, kunwari, sa Tarlac ay may 12 cases sila. Sila iyong pangatlong pinakamataas na province sa Pilipinas.

Iyong mga iba, may nakikita tayong medyo consistent like sa Negros Occidental, medyo [may] uptick diyan; at last week, sa Palawan at saka Agusan del Norte. Pero sa ngayon, medyo bumaba na iyong bilang ng kaso sa Palawan at saka sa Agusan del Norte. Pero patuloy pa rin nating mino-monitor iyan, it's still NCR mostly at saka iyong surrounding regions ng NCR – CALABARZON and Central Luzon – na posibleng may mga upticks.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Bagama't ito ay nasagot ninyo, Professor David, iyong pangalawang tanong po ni Lei Alviz, basahin ko na lang po baka may maidagdag pa kayo: Napag-usapan nga po natin last week itong pagpasok po at pagkakaroon ng kumpirmadong kaso nitong Omicron subvariants BA.4 at BA.2.12.1, nakakaapekto ba itong dalawang Omicron subvariants sa pagtaas ng kaso ng COVID-19 sa ating bansa? Iyan po iyong tanong din ni Lei Alviz.

**DR. GUIDO DAVID: T**hank you, Usec. Rocky, sa tanong ni Lei Alviz. Iyong mga subvariants na iyan, definitely ay makakaapekto iyan kasi iyong US, similar situation sila na mayroon silang wall of immunity pero nagkaroon na rin sila ng pagtaas ng kaso dahil sa BA.2.12.1. Nakita natin iyan sa New York City. Iyong Omicron BA.4 naman ay nagdala ng pagtaas ng kaso sa South Africa. So, it's most likely na makakaapekto sila dito sa bansa natin.

Pero so far, uptick pa lang naman iyong nakikita natin. Hindi pa clear sa ngayon kung magtutuluy-tuloy ito at magiging … dadami pa iyong bilang ng kaso or mananatili lang tayo sa ganitong low-risk situation. Sana naman siyempre ay hindi magtuluy-tuloy ang pagtaas. Kaya nananawagan tayo sa mga kababayan natin na patuloy na sumunod tayo sa health protocols – mag-mask tayo at magpabakuna at magpa-booster tayo.

**USEC. IGNACIO:** Opo. So sa nakikita pong projection ng OCTA, kung hindi po nakikita ang epekto sa ngayon, pero nagbabadya pong makaapekto in the future itong dalawang Omicron subvariants sa COVID-19 cases sa ating bansa, tama po ba?

**DR. GUIDO DAVID:** Tama iyan. So sa ngayon ay masyado pang maaga para ma-determine iyong trajectory na makikita natin sa next two weeks or even the next month. I mean, it's still possible na mawawala itong uptick, bababa ulit iyong bilang ng kaso. It's also possible, Usec., na magpapatuloy itong uptick pero bahagya lang siya na uptick pa rin. At possible din na magpatuloy siya at baka lumakas siya, maging talagang pagtaas ng kaso, makikita natin. Sana naman ay hindi mangyari iyan.

Right now, it's too early to tell kung ano ang magiging effect kasi maraming factors dito, iyong ating wall of immunity – isa iyan sa major factors dito. Kaya sana, nananawagan tayo sa mga kababayan natin, hindi lang to practice health protocols pero iyong magpabakuna at magpa-booster para ma-retain natin itong wall of immunity natin.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Sa mga susunod na buwan, Professor, ano po iyong nakikitang projection ng OCTA sa magiging bilang ng COVID-19 cases sa ating bansa, partikular na sa NCR? Pero sinabi ninyo nga po, uptick at hindi naman ganoon … pero sa tantiya po ng OCTA, aabutin po ng ilan ito, ang cases?

**DR. GUIDO DAVID:** Yes, Usec. Sa ngayon sa NCR ay nasa, iyon nga, ang banggit ko kanina, nasa 74 cases per day tayo. Pero kung magpatuloy ang pagtaas ng bilang ng kaso ay hindi natin masasabi kung sa ngayon … masyado pa kasing maaga, Usec.

So, puwedeng tumaas iyan to a few hundred cases per day or baka puwedeng kung magtuluy-tuloy pang tumaas, baka makakita tayo ng 1,000 cases per day. Pero again, these are scenarios, Usec. Hindi pa clear ngayon iyong trajectory, kasi maraming factors dito. Ang isa nga diyan ay iyong ating waning immunity, kung gaano kalakas pa iyong ating immunity. At sana kung malakas pa iyan, baka hindi naman natin makita itong mga 1,000 cases per day sa NCR. At baka magka-daily [rate] lang tayo, utmost, mga a few hundred cases per day.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Ulitin lang po natin, Professor: Sa ibang bahagi daw ba ng Pilipinas, may mga lugar o probinsiya ba na nakitaan na ninyo ng pagtaas ng kaso?

**DR. GUIDO DAVID:** Yes, Usec. Sa Negros Occidental in particular, may nakita tayong medyo may kaunting pagtaas ng kaso. Ganoon din sa Palawan last week at saka sa Agusan del Norte

sa Butuan. Pero, this week, hindi pa natin nakita ulit iyong pagtaas. So, kumbaga nagkaroon siya ng spike last week, pati sa Puerto Princesa, pero sa ngayon ay hindi pa natin nadi-detect.

Iyong Tarlac, kahapon medyo mataas ang bilang ng kaso. Hindi naman sobrang kataasan pero ibig sabihin, mas mataas lang kaysa doon sa baseline niya over the past few weeks.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Ano po iyong nakita ninyong posibleng naging dahilan, lalo dito sa Palawan? Ito po ba ay dahil sa pagdating na ng ating mga turista o hindi naman po?

**DR. GUIDO DAVID:** Yes, puwedeng iyan, Usec. Kasi sa Palawan, sa Puerto Princesa, diyan na-detect iyong mga cases ng Omicron BA.2.12.1. So, it's possible na connected dito sa mga sub-variants at saka, iyon nga, iyong sa pagdating ng mga ibang tourist ay ito ang dahilan kung bakit nagkaroon ng uptick. Pero sa ngayon ay iyon nga, hindi na natin ulit nakita iyong pagtaas. Pero mino-monitor natin iyan, Usec, kung over the next few days kung may makita pa rin tayong pagtaas nang bahagya.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Sa ngayon po, sa awa ng Diyos, wala pang naitatalang kaso ng monkeypox sa ating bansa. At talaga pong inanunsiyo na ng DOH ang mas pinahigpit nilang pagbabantay para hindi makapasok ang sakit na ito sa Pilipinas.

Sa inyo pong opinyon, sapat na po ba ang ginagawa ng pamahalaan para po mapigilan ang pagpasok ng monkeypox sa bansa?

**DR. GUIDO DAVID:** Yes, Usec.

Iyong monkeypox ay hindi naman kasi kasing-nakakahawa tulad ng COVID. Sa pagkaalam natin, iyong transmission nito, mas direct siya, parang direct body contact. At usually, iyong mga nakakakuha ng monkeypox, nagpi-present sila ng symptoms which are usually fever at saka iyong mga rashes, iyong mga bulutong, so medyo similar sa chickenpox. Actually, iyong mga cases or iyong mga kababayan natin na naabutan na bakunahan ng smallpox – I think na-stop iyong smallpox vaccination in their late 70's – ay most likely, may proteksiyon sila.

Pero again, these are preliminary data. Iyong sa nakikita natin sa monkeypox, hindi naman ganoon karami pa iyong nakita natin na cases all over the world. So, hindi naman tayo ganoon ka-alarmed, pero at the same time, kailangan handa tayo.

And I think iyong ginagawa naman ng Department of Health, iyong mga hakbang to prevent this, ang mahalaga dito, siyempre iyong isolation. Kapag may makita tayong mga cases, kunwari galing sa ibang bansa na may symptoms, may fever at may mga rashes ay ma-isolate agad natin at ma-treat sana nila. Kasi kapag hindi na sila makapanghawa ng iba ay hindi naman kakalat itong monkeypox.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Pero, Professor, ano po iyong nakikita ninyong magiging sitwasyon sa Pilipinas, kung sakali lang pong makapasok itong monkeypox sa bansa?

**DR. GUIDO DAVID:** Well, itong monkeypox actually ay endemic na siya sa Central Africa. So, ibig sabihin, matagal na siyang na-detect doon, pero hindi naman siya masyadong kumakalat. Kumbaga, in terms of reproduction number, less than one iyong reproduction number niya, so madali siyang pigilan na kumalat.

Ang magiging sitwasyon, Usec, talagang prevention lang, kapag may mga cases at kung may mga taong nakakaramdam ng sintomas – may fever, may rashes sila ay mag-isolate na sana at huwag na tayong maki-interact sa mga may sintomas ng monkeypox.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Professor, hingin ko na lamang po ang iyong mensahe at paalala para sa ating mga kababayan?

**DR. GUIDO DAVID:** Yes, Usec. Rocky, maraming salamat ulit sa pag-iimbita.

Sa ngayon, iyong COVID situation natin ay maganda pa rin. Ito ay dahil sa malawak na pagpapabakuna natin sa bansa kaya mataas pa rin iyong wall of immunity natin. Iyon, sa palagay natin, ang dahilan kaya nahihirapang makalusot itong mga sub-variants sa ating wall of immunity. May mga nakakalusot, kaya may uptick tayo, pero malakas pa rin.

At sana ay patibayin pa natin iyong wall of immunity. How do we do that?  Pagsunod natin sa health protocols – pagsuot ng face mask, magpabakuna tayo, magpa-boosters tayo – ito iyong mga paraan for prevention. Huwag nating hintayin na dumadami ang kaso ulit at humihina na ang immunity natin bago tayo mag-react, bago tayo magpabakuna or magpa-boosters – unahan na natin. Prevention is the best way para mapanatili na maganda iyong kabuhayan dito sa bansa natin, Usec, at mapaganda natin iyong ekonomiya natin.

Maraming salamat.

**USEC. IGNACIO:** Kami rin po ay nagpapasalamat sa iyong palagiang pagpapaunlak sa amin, Dr. Guido David ng OCTA Research sa paglalaan ng oras sa amin. Stay safe po.

**DR. GUIDO DAVID:** Thank you.

**USEC. IGNACIO:** Pag-turnover ng P50 million na pondo para sa mahihirap na pasyente at pagpapabuti ng serbisyo sa Davao del Sur Provincial Hospital, tinunghayan po ni Senator Bong Go. Narito po ang report:

[NEWS REPORT]

**USEC. IGNACIO:** Samantala, alamin natin ang mga hakbang na isinasagawa ngayon ng DepEd kaugnay po ng expansion phase ng face-to-face classes, at ang update sa iba pang mga programa ng DepEd. Makakasama po natin ngayong umaga mula po sa Department of Education sina Secretary Leonor Briones, Undersecretary Diosdado San Antonio,

Undersecretary Revsee Escobedo at Assistant Secretary Alma Torio. Magandang araw po sa inyong lahat.

**DEPED SEC. BRIONES:** Magandang araw naman, Usec. Magandang araw sa nanunood sa programa natin. Kami ay natutuwa na makapag-share ng pinaka-latest na balita.

Alam naman natin lahat na binabalik na natin ang face-to-face classes at kami ay nakikinig sa advise ng Department of Health, opinyon ng mga local governments at saka kinukonsulta din natin ang mga parents.

So, so far, as of May 26, 12 noon ay 34,238 schools na ang na-nominate [para sa face-to-face classes], and out of these 34,238 schools, ang 33,000 ay public schools at saka 1,174 ang mga private schools.

Usec, this is already 73.28% sa total number of public schools. Basta may clearance galing sa Department of Health, at saka sa tingin namin ay pumapayag naman ang mga local governments at saka may consent ng mga parents ay talagang tinutuloy na natin ang face-to-face classes.

Pero, gusto ko lang i-emphasize na iyong pag-approach natin dito sa face-to-face, magkaiba sa iba't ibang eskuwelahan kasi depende sa sitwasyon nila, depende sa state of health at saka sa assessment ng Department of Health. Pero sa ngayon, ini-encourage din ng Department of Health na talagang tuluyan na nating gawin ang face-to-face.

So, right now, ang sinasabi ko, 73.28% na ng public schools at saka mayroon din tayong mga private schools na ina-urge natin, ini-encourage natin na bumalik na sila sa face-to-face by June which is already a few days away from now.

Sa next academic school year, ini-expect natin a fully 100% na talaga ang pag-implement ng face-to-face, pero again, gusto ko lang i-emphasize na iyong modalities ng face-to-face ay magkaiba sa mga iba't ibang sitwasyon ng mga eskwelahan at mga lugar at depende sa mga local governments at assessment ng Department of Health na sinusunod naman natin.

Thank you.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Secretary, sinabi po ng Department of Health na mas maganda sa kalusugan ng mga bata—

**DEPED SEC. BRIONES:** …napakalaki na ng porsyento [technical problem] a few weeks ago [technical problem] ang ano natin, ang nakikita natin. Handang-handa na sila talaga for face-to-face sa iba't ibang paraan.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Secretary, sinabi nga po ng DOH na mas maganda daw po sa kalusugan ng mga bata itong face-to-face classes. Ano daw po ang masasabi ninyo dito at kung gagawin

po bang mandatory sa mga estudyante ang pagbabakuna? Mayroon din po bang school-based vaccination?

**DEPED SEC. BRIONES:** Pinag-usapan namin ito nang husto. Alam naman natin kung anong sinasabi ng Konstitusyon. Alam naman natin na aware na aware ang mga parents ng rights nila at saka rights ng kanilang mga anak.

So, hindi naman natin masasabing mandatory, na sapilitan, na arestuhin o ipi-preso iyong hindi magpapabakuna, pero ang kampanya natin is to encourage them on the positive side na ito ang mga benefits sa pagpapabakuna at kung ang mga parents ay kailangang kumbinsihin ay talagang we're doing everything.

Pero iyong pilitan, hindi natin iyan magagawa dahil Constitutional right nila iyon at wala naman kaming matinding problema hinggil dito dahil very aggressive naman ang campaign natin, ina-urge talaga natin ang parents na payagan ang kanilang mga anak.

Kasi ang sinasabi namin, USec., hindi tayo magpapabakuna ng bata na walang parental consent kasi these are children, these are below the age of consent so kailangan na papayag ang mga parents. So, ang campaign natin ay naka-focus also on the parents themselves, pero walang sapilitan dahil Constitutional rights iyan ng mga citizens natin na kung sa paningin nila at kung anong makakabuti sa kanilang mga anak.

Pero kung todo aggressive ang kampanya natin, makikita rin naman nila ang mga campaign materials at saka iyong paglilibot natin sa mga regions, kinakausap natin ang mga parental groups, mga local governments para makumbinsi sila. So, ano iyan, vaccination with consent and not necessarily na with threats or mandatory.

Thank you.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Secretary, inaprubahan na po ng DBM ang dagdag na pondo ng Government Assistance and Subsidies (GAS) program ng DepEd, paano daw po makatutulong itong dagdag na pondo?

**DEPED SEC. BRIONES:** Naku, USec., ang laking tulong niyan kasi mai-expand natin ang scope ng ating programa na tinutulungan natin ang Junior High School at saka ang Senior High School.

At saka ang Konstitusyon ... kasi, nag-uumpisa talaga kami sa Konstitusyon. Ang Constitution ay nagsasabi na ang ating sinasabi na quality education is the right of every Filipino child. Sinasabi pa na 'quality' education, so doon kami nakasandal, sa mandato ng Konstitusyon na iyan at ang tulong … Nagpapasalamat kami talaga sa DBM, sa ating Presidente na dinagdagan iyong pondo para sa ating Senior High School at saka sa ating Junior High School.

At matutulungan iyong objective ng President na maka-reach tayo sa mga naiiwan, iyong sinasabi natin na those who are falling behind, those who are falling through the [not clear], hindi nakapag-aral, nahihirapan, ay matutulungan sila. Matutulungan din ang mga paaralan dahil itong mga pondong ito ay sini-share naman natin sa mga schools, depende sa kanilang location.

Thank you.

**USEC. IGNACIO:** Secretary, naging hamon po sa sektor ng edukasyon itong digital learning. Ano po iyong naging pagtugon ng DepEd dito na maaari pong maipagpatuloy ng susunod na administrasyon?

**DEPED SEC. BRIONES:** Sa palagay ko, malaki ang posibilidad dahil halos buong mundo, USec. Rocky, ay into digital na. Kaya ngayon iyong catching up natin, hindi lamang sa iba't ibang bahagi ng curriculum pero we have to recognize the fact na the world is getting digital.

Galing ako sa London, sa isang pinakamalaking komperensiya ng mga ministers of education at nakita ko doon na maraming bansa ay digitalized na sila talaga. Hindi na gumagamit ng pera, cards na lang ang ginagamit at kailangan ay paghandaan natin ito.

Ihanda natin iyong ating mga kabataan na masanay sila. While face-to-face is very useful, very important for the social as well as their mental and personal growth, mahalaga din na maka-catch up sila sa digital aspect.

Ito ay isang leksiyon na malaki na naturo sa atin noong tayo ay umaasa sa blended learning dahil hindi naman tayo nagsara ng classes, patuloy tayo sa blended learning at saka talagang inumpisahan na natin iyong digital learning kasi iyon ang magiging mundo ng ating kabataan.

Much of today's transactions, dealing with each other, are with people whom you don't even see. At saka maraming bansa na alam ko ay hindi na gumagamit ng pera, digitalized na lahat. Ang mga transactions, digitalized. Hindi tinatanggap ang mga paper bills, halimbawa, iyong mga cash, hindi na tinatanggap dahil nag-i-encourage naman ito ng pag-spread ng infection, among others, at saka it's not as fast.

So, sa tingin ko ay dapat ipagpatuloy ito ng incoming administration ng Department of Education dahil iyan talaga ang direksyon. Ang importante lang, USec. Rocky, which I keep on repeating, is that we should not forget na tayo ay Pilipino. Tayo ay may kasaysayan, tayo ay may mga bayani, tayo ay may lengguwahe. So, even if we digitalize, kailangan hindi natin kalimutan ang ating national identity, ang pagmamahal sa bayan. Iyan, sabay-sabay iyan at of course, that is a great and [not clear] challenge.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Secretary Briones, ihabol ko lang po iyong tanong ni Job Manahan ng ABS-CBN: What does Secretary Briones mean by 100% face-to-face for next school year? Will

all schools be holding face-to-face classes again by next school year or lahat ng estudyante sa isang klase na ang mag-face-to-face at hindi na staggered iyong schedule?

**DEPED SEC. BRIONES:** Depende kasi iyan sa eskwelahan, kaya ang sinasabi ko, iyong porma ng face-to-face ay magkaiba iyan sa sitwasyon ng mga eskwelahan. Mayroong mga eskwelahan na handang-handa na talaga in terms of facilities, in terms of teachers, etc., mayroon namang iba na mayroong catching up to do pa.

Kaya ang sinasabi namin sa amin …Nandito naman si USec. Revsee at saka si USec. Dads (Diosdado San Antonio) na ang sinasabi namin, at the regional level, kailangan mag-decide sila kung ano ang approach na gagawin nila on their own dahil kabisado nila ang sitwasyon sa kani-kanilang mga lugar.

It's not going to be na isang ano lang, isang istilo lang ng paggawa na everybody is marching to the same tune. We might be singing different tunes but we will always be in harmony dahil ang ating habol dito ay ang sinasabi na natin na technology, digitalization at the same time never to forget our national identity which is very crucial and very important and we have seen that in other countries as well.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Secretary—

**DEPED SEC. BRIONES:** Nandiyan si [technical problem]—

**USEC. IGNACIO:** USec. Diosadado?

**DEPED USEC. SAN ANTONIO:** [technical problem]

**USEC. IGNACIO:** Usec. Diosdado San Antonio, good morning po.

**DEPED USEC. SAN ANTONIO:** Sorry po, naputol.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Iyon nga po, sa naging tanong ni Job Manahan kung next school year daw po na 100%, ano ang ibig sabihin?

**DEPED USEC. SAN ANTONIO:** Ang ibig pong sabihin natin ay hinihikayat na natin ang lahat ng paaralan na magsagawa ng face-to-face classes. Pero ang tinitingnan po namin na blended, may face-to-face na mga araw at may araw na papayagan na nasa bahay pa rin natututo ang mga bata. Kapag pinayagan na po tayo ng IATF na ang lahat ng paaralan ay magkaroon ng face-to-face classes mga ilang araw bawat linggo, iyan na po ay isusulong ng Kagawaran ng Edukasyon.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Si Usec. Revsee Escobedo, tanong po ng mga magulang pa rin: Papaano po ang nailatag ng DepEd na guidelines, mayroon po ba, para raw po tiyakin iyong kaligtasan ng kanilang mga anak o mag-aaral, kapag nagsisimula na po ang face-to-face classes?

**DEPED USEC. ESCOBEDO:** Thank you, Usec. Rocky, at magandang tanghali.

Ang ating mga division offices, at sa guidance ng regional offices ay may kanya-kaniyang mga guidelines na ipapatupad dahil, unang-una, gusto nating matiyak iyong kaligtasan ng mga bata; at pangalawa, mayroong concurrence iyong local government units at kinukuha din natin iyong consent ng mga parents regarding dito sa pagbubukas ng mga klase o iyong tinatawag natin na face-to-face.

At sa kasalukuyan, ina-assess ito ng mga regional offices at division offices dahil may mga request din, Usec. Rocky, na iyong sa susunod na school year, iyong kasalukuyang set-up ay baka puwedeng damihan iyong mga grade levels, at hindi lang iyong grade levels na magbubukas, kung hindi pati na rin iyong dami ng estudyante sa loob ng isang silid-paaralan. But ito ay dapat na pag-usapan nang mahusay at dapat ay alinsunod pa rin sa IATF protocols. Ito naman, Usec. Rocky, ay patuloy na inihahanda ng ating mga field officials para sa nalalapit na school year.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Secretary, pinangalanan na po ni President-elect Bongbong Marcos na si Vice-President-elect Sara Duterte ang magiging DepEd Secretary sa susunod na administrasyon. May pag-uusapan na po bang nagaganap para sa transition sa Kagawaran, Secretary Briones?

**DEPE SEC. BRIONES:** Mayroon kaming exchange of texts and letters at ang usapan ay between June 20 and 30 ay i-reserve namin iyan for the transition period. So ang aming agreement ay si VP Sara, mag-select siya ng kaniyang transition team; kami naman ay may handa na kaming transition team. Pero kailangan ding mag-one-on-one kaming dalawa ni VP Sara, ni incoming Secretary Sara, para ma-brief din siya sa mga iba't ibang challenges at issues na hinaharap ng DepEd.

But at the end of the day, she will be the Secretary of Education, that is the bottom line and she will assume on July 1, so hinahanda namin iyon lahat. Ginagawa na namin iyong transition report at saka iyong aming medium-term plan.

For the first time. Alam mo, Usec. Rocky, na mayroon tayong medium-term plan, kasi usually ang planning natin ay one year, two years, election-time plan. Pero ang iniisip natin na up to the year 2030 ay mayroon na tayong proposed plan na under the direction naman of the outgoing President Duterte, iyong kaniyang mga urgent programs and projects na gusto nating ipagpatuloy.

So ito, we are looking forward to a smooth transition. We are looking forward, hopefully, with great hopes for continuity of the programs that are working very well. We are looking forward to a discussion of our medium-term plan, kasi ang plano nga natin ay tatlong taon, anim na taon. Pero mayroon tayong plan na up to the year 2030 at saka I am very, very sure na open naman ang mind ng incoming Secretary of Education natin.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Pero, Secretary, ano raw pong mga programa ng DepEd na gusto ninyo po sanang maipagpatuloy ng susunod na administrasyon? At ano po ba iyong mga hamon na nais ninyong matutukan pa?

**DEPED SEC. BRIONES:** Iyong wish, kung may wishes tayo, of course, is continuity of programs we have worked out. At may mga bagong emphasis kasi si outgoing President Duterte which I think are very important and which is related to equity, as well as to taking care of those who don't have a chance to participate in education processes. Dalawa ito, prinisent ko ito, Usec. Rocky, sa London.

Una, of course, kabisadung-kabisado na ninyo, halos memoryado na ninyo iyong ating programa sa alternative learning systems. In-expand talaga ito, lumaki ang budget ng Department of Education dahil binigyan ng additional support ito ni President Duterte, itong alternative learning systems natin.

Noong pinakita ko iyong video sa alternative learning systems at saka iyong pangalawang programa na sinasabi namin ay ang Last Mile Schools Program – itong mga schools na nasa mga malalayong lugar, sa mga isla, sa mga bundok na hindi naaabot, kulang na kulang ang facilities, etc. – ito iyong prinisenta ko sa London, basically, may mga naiiyak noong nakita nila na ang tuwa ng mga bata, mga adults na binigyan sila ng ganoong pagkakataon.

So we look forward to a continuity of these two. Ito iyong legacy programs ni President Duterte. In addition also, the fact that we continue the programs for senior high school which was initiated by the preceding administration as well, eh talagang pinagpatuloy namin iyan. Pero iyong bagong dagdag ni President Duterte ay itong pagpalawak nitong dalawang programang ito na nagri-reach out talaga tayo sa mga deprived.

Pagkatapos ang gusto din natin, tinitingnan – nasabi ko na ito, Usec. Rocky – na we think of future studies: Ano ba ang itsura ng education natin, ang society natin 30, 50 years from now? To think about the future ay hindi lamang to think of the next election, to think of next term, to think of the next administration but to think about the future of society and the requirements for education. So isa din iyon sa gusto naming mapagpatuloy, iyong far-reaching vision for education.

And sana, iyon, mga ibang benefits sa teachers. Every year ay mayroon tayong increase sa benefits for the teachers na we successfully negotiated for, at saka iyong pagbago ng curriculum. Iyong blended learning natin na pinakita natin na maski naka-lockdown, nakasarado iyong mga eskuwelahan ay patuloy pa rin. This is one of the messages that I hopefully, successfully transmitted to the global meeting of education ministers.

Kasi alam mo, USec. Rocky. Ang impression kasi nila, dahil nag-lockdown tayo, at the height of the pandemic, therefore, nag-lockdown tayo ng physically ng school, therefore tumigil ang edukasyon. Eh, hindi naman iyan totoo, kasi the President allowed us [to hold] blended

learning. We continued; we never stopped the academic activities of the country. Ginamitan natin iyan ng blended learning.

Saka isa din sa gusto natin sanang i-emphasize, eh worried na worried tayo, iyong mga negative impact, etcetera, etcetera, learning loss. Ang hindi natin tinitingnan, iyong learning gains. May mga bata na natuto na magiging independent. Dahil hindi na sila pumapasok sa school noon. At saka iyong parents tumutulong sa kanilang mga anak at saka naglabasan ang iba't ibang klaseng strategies o pamamaraan. Dahil binibigyan natin ng freedom, ng autonomy ang mga regions, ang mga schools na mag-develop ng kanilang responses to the so-called stoppage.

Kasi hindi naman tumitigil, iyon ang in-emphasize ko. We never, never, never stop the academic process. We opened in a matter of how many months, in October, the next year, we opened in September. And we have always opened classes regularly, with or without closed schools. Kaya may gains tayo, ang daming natutunan natin na mga paraan matututo ang mga bata, matuto ang mga parents. May gains tayo, kasi palagi nating iniiyakan iyong losses, pero how about the gains. How about the initiatives, how about the creativeness that we exercise to make sure that education continues. So, iyon lang ang in-emphasize ko doon.

Kasi kinorek ko iyong impression na, dahil nagsara ang eskuwelahan, therefore tumigil ang pag-aaral ng mga bata. Hindi naman iyan totoo. There are advantages to blended learning, there are advantages to digitalized learning. At saka lahat nagtutulungan, partners, international donors, even the Department of Finance, etcetera, nagtutulungan para maipagpatuloy ang edukasyon at ito, titigil, hindi tayo tumigil sa education. So, that is a very important message, which I transmitted to the global meeting.

Pero kanina, USec. Rocky, nagtanong tayo about graduation, kaya nandito din si ASec. Alma Torio, para mag-share sa inyo kung ano ang paningin natin tungkol sa graduation.

**USEC. IGNACIO:** ASec. Alma, go ahead po. Kumusta po itong preparation dito sa graduation?

**DEPED ASEC. TORIO:** Yes, maraming salamat, USec. Rocky. At magandang umaga po, Ma'am Liling at sa aking kasamahan sa EXECOM at saka lahat po ng mga nakikinig ngayon. Nalalapit na po ang pagtatapos ng ating school year 2021-2022. At base po doon sa naipalabas po natin na school calendar ay ang pagtatapos po ay sa June 24. So, pagkatapos po niyan ay isasagawa na po natin ang end of school year rites po para sa taong ito.

So, nagpalabas po ang ating mahal na Kalihim ng isang DepEd memorandum kung saan nakalagay lahat ng polisiya na susundan po ng ating field offices sa pagganap ng kanilang graduation rites po. At siyempre ang isinasaalang-alang pa po natin ay iyong health at saka iyong safety ng mga mag-aaral natin, kasama iyong mga magulang at mga guro na gustong maka-witness doon sa graduation rites.

Dahil nga po gusto rin natin na ma-feel ng mga mag-aaral iyong normalcy.  At marami rin po ang humihiling na magkaroon ng face-to-face graduation rites. So, sabi po ni Ma'am Liling, in collaboration with our Regional Directors, doon sa mga naisagawa nating MANCOM meetings ay puwede naman pong magkaroon ng hybrid na pagganap ng ating graduation rites, meaning puwede rin pong face-to-face. Lalung-lalo na po iyong mga nasa alert level 1 at saka level 2. Pero doon po sa alert level 3, 4 ay virtual ang napag-usapan po natin na graduation rites nila.

So, bagama't puwede na po na mag-face-to-face, kailangan din po ang konsultasyon sa mga LGU, kasama na rin po iyong consent ng ating mga magulang. At siyempre po sa graduation rites ay kailangan pa po na sundin talaga iyong IATF protocols po.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Salamat po, Asec. Alma. Kami rin po ay nagpapasalamat kay DepEd Secretary Leonor Briones, kasama po si Undersecretary Diosdado San Antonio, si Undersecretary Revsee Escobedo at si Assistant Secretary Alma Torio. Maraming salamat po sa inyong pagbibigay-panahon sa amin. Salamat po.

Samantala alamin naman po natin ang mga hakbang na isinasagawa ng Civil Service Commission para sa nalalapit na pagpapalit ng administrasyon. Makakasama po natin ngayong araw si Atty. Aileen Lizada, Commissioner po ng Civil Service Commission.

**CSC COMMISSIONER LIZADA:** Magandang umaga po, USec. Rocky at sa lahat ng nakikinig at nanunuod, magandang umaga po.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Attorney, sa nalalapit po na pagpapalit ng administrasyon, ano po ang mga ginagawang paghahanda ngayon ng Civil Service Commission dito po sa transition ng mga newly elected and appointed government officials?

**CSC COMMISSIONER LIZADA:** Mayroon po kaming Local Executive Forum na ginagawa, USec. Rocky and this is through our regional offices. Ano po itong Local Executive Forum?  Ito po iyong ino-orient natin iyong newly-elected officials about the Civil Service Rules iyong dos and the don'ts po at saka iyong consequences for violation.

Ano lang ho, request lang sana namin, kasi kapag nagko-conduct po kami ng Local Executive Forum, ang nangyayari po, naga-attend sila and then, pagkatapos aalis na. And this is like, one o mga two or three days po ito. Kasi importante po masyado, we guide them to appointments at paano ang ginagawa ng mga appointment. Ano ang mga bawal na mga appointment.

At kung magpapadala kayo ng representatives, hindi ho ninyo nakukuha ang eksaktong punto noong ating objective why we conduct the Local and Executive Forum, para po ito sa inyo. Para po hindi po natin ma-disapprove iyong inyong mga appointments na ginagawa.

So we encourage the local executives, iyong mga newly elected officials 'no, to attend iyong ginagawa ho ng regional offices namin sa mga Local Executive Forum. To attend ho personally

para mismong sila [ay] alam nila kung ano iyong role nila as regard [to] hiring and iyong mga dos and don'ts within their respective offices, Usec. Rocky.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Pero maliban po sa inyong mga nabanggit, ano pa po iyong mga paghahandang gagawin o isinasagawa ngayon ng Civil Service Commission sa nalalapit po na pagpapalit na administrasyon?

**CSC COMMISSIONER LIZADA:** Okay. Ready ho kaming magbigay ng mga trainings, aside ho doon sa sinabi ko, we can give them training para ho mas maintindihan ho nila iyong role nila as regard to, iyong mga pag-i-implement ng mga polisiya ng CSC, to aid them po 'no sa pag-perform nila ng respective roles and duties nila as civil servant.

So, mayroon ho tayong mga learning and development intervention para ho hindi nila pasan ho ang daigdig at hindi ninyo alam kung ano iyong gagawin. We know that the heart is there, the compassion is there, but it has to be with substance. That's what we provide sa CSC po, the learning and development intervention.

Mayroon din ho tayong technical support sa mga human resource management officers and practitioners which include po appointment, performance management, rewards/recognition, learning and development. Ito ho ay intended sa program ho ng CSC to institutionalize meritocracy and excellence in human resource management office, Usec. Rocky.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Commissioner, naisabatas na po itong Republic Act No. 11701 o iyong pagbibigay ng night differential pay sa government employees. Ano na daw po ang update dito, sa IRR nito?

**CSC COMMISSIONER LIZADA:** Okay. Mayroon na ho kaming working draft na IRR na ginawa ho ng policy office namin, ipinapa-legal [unclear] lang po namin sa Office of Legal Affairs and then after that, we will be coordinating with DBM para sa kanilang mga inputs po, kasi sabay ho dapat ang CSC at DBM para sa IRR nitong Republic Act 11701, Usec.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Pero, Commissioner, para malinaw lang po, kasama din daw po sa mabibigyan nitong night differential itong mga contract of service (COS) o mga job order (JO) na empleyado?

**CSC COMMISSIONER LIZADA:** Ang rules ng night shift differential shall apply to government employees occupying items from division chief and below or their equivalent, including those in the GOCCs whether the nature of their employment is permanent, contractual, temporary or casual. Hindi ho kasama diyan ang mga JOs at COS because hindi ho natin sila kino-consider as government employee po.

Ang kanilang suweldo po ay hindi ho galing sa personal services, galing ho sila sa MOOE, hindi ho iyan release ng DBM, Usec. Rocky, so hindi ho sila kasama sa night shift differential.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Makakaapekto po ba daw itong night differential pay sa iba pang benepisyo at allowance na natatanggap ng mga government employees?

**CSC COMMISSIONER LIZADA:** Ang night differential, Usec. Rocky, shall be in addition to, and shall not, in any way, diminish whatever benefits and allowances are presently enjoyed by the government employees. So, dagdag po ito, this will not affect iyong iba pa pong benefits and allowances po.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Sinasabi din po sa batas na ito na, for LGUs at para sa GOCCs and their subsidiaries na, the amount shall be charged against their respective corporate fund. Maaari ninyo po bang ipaliwanag kung ano daw po ang ibig sabihin nito?

**CSC COMMISSIONER LIZADA:** Okay. Doon ho muna tayo sa LGUs.

Sa LGUs po, to ensure na ang mga LGUs ay operating with their budgetary constraint at saka mayroon hong adequate na pondo allocated para sa delivery of basic services and development project, ang batas po [na] Republic Act 7160, nilalagyan ho ng limit ang fund appropriation, wherein Section 325 provide that the personal services appropriation for one fiscal year for an LGU shall not/hindi po dapat mag-exceed ng 45% in the case of first to third class provinces, cities and municipalities, and 55% in the case of fourth to sixth class provinces, cities and municipalities, of the total annual income po nila from regular sources.

So, ibig sabihin, galing ho sa pondo nila at subject po doon sa ceiling.

Now, doon sa GOCCs po and their subsidiaries, ang amount po shall be charged sa respective corporate funds. In other words, hindi ho manggagaling sa DBM, kung hindi ay galing ho sa pondo nila which comprises iyong corporate income nila which are the operating receipt earned during the year in the course of business transaction or equity contribution from the private sector and other government entity which is the capital contribution by the interested public and other government entities.

In other words po 'no, hindi ho galing sa DBM ang pondo, galing ho sa pondo ng mga GOCCs, one; or sa LGUs po, under sa batas na 7160, subject to the limitation provided for by law po, Ma'am.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Commissioner, maiba naman po tayo ano – 12,179 or 17.19% lamang daw po iyong nakapasa sa ginanap na Career Service Examination na Pen and Paper Test ng CSC nitong March 13, ito daw po ay out of 70,833 na kumuha ng exam, ano po ang masasabi ninyo dito?

**CSC COMMISSIONER LIZADA:** Actually, ito ho [ay] mataas ang passing rate kasi usually ang passing rate sa CSC po, Civil Service exams which is 10-12%. This is 17%.

And gusto ko lang ho i-highlight, ang BARMM po ang may pinakamataas na passing rate for the Civil Service exam.

So, tsinek po namin [kung] ano ho ang nangyari doon sa BARMM at ay sila mataas, ang sinabi ho doon, more or less ang nag-take ng exam, na-background profile naman natin 'no, are either:

1. Professionals;
2. Mayroon na ho silang second degree; or
3. Kaka-graduate lang po.

So, sa lahat po ng fresh graduate diyan o 18 years old and above, habang bata-bata pa o kaya fresh pa lahat ng nasa mind ninyo, take ho tayo ng Civil Service exam. Malay ninyo, you will find it useful in the next how many years na gusto ninyong manilbihan sa bayan and at least ho eligible na po kayo.

Doon sa iba hong hindi nakapasa, let us brush up, mayroon na ho tayong mga pointers na mahahanap ninyo ho sa ating Civil Service Facebook page po.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Commissioner, kami po ay nagpapasalamat sa inyong pagsama sa amin ngayong umaga. Maraming salamat po, Atty. Aileen Lizada, mula po sa Civil Service Commission.

**CSC COMMISSIONER LIZADA:** Maraming salamat po, Usec. Rocky at sa lahat po; sa inyo, maraming salamat po sa pagkakataon. Magandang araw.

**USEC. IGNACIO:** Malaking ambag ng Administrasyong Duterte sa peace and order situation sa bansa at sa laban kontra iligal na droga, ipinagmalaki ni Senator Bong Go.

**[NEWS REPORT]**

**USEC. IGNACIO:** Maraming salamat po sa ating mga partner agency para sa kanilang suporta sa ating programa at maging ang Kapisanan ng mga Brodkaster ng Pilipinas (KBP.)

At dito na po nagtatapos ang ating programa sa araw na ito. Magkita-kita po tayo muli bukas.

Ako po si Usec. Rocky Ignacio at ito ang Public Briefing #LagingHandaPH.

##

--
*News and Information Bureau-Data Processing Center*